

## “Pisay,” nasungkit ang pagkilala sa ISSF

Ni Joy M. Lazcano  
S&T Media Service, DOST-STII

**N**asungkit ng Philippine Science High School ng Department of Science and Technology (DOST-PSHS) main campus ang Best Oral Presentation award sa International Student Science Fair (ISSF) na ginanap sa National University of Singapore- High School of Math and Science, Singapore.

Si Marla Abao ng DOST-PSHS main campus ay nagwagi para sa kanyang research na pinamagatang “An Android Application for Efficient Disaster Kit Procurement for Low-Level Floods.”

Nagpresentsa rin si Abao kasama ang iba pang estudyante ng DOST-PSHS na sina Mikhail Tori at Justine Oplencia sa harap ng mga kalahok mula sa iba’t ibang bahagi ng mundo ng mga technology project ng kinikilalang “specialized high school for the gifted.”

Maliban dito, ang grupo ni Abao ay sumali at nanguna rin sa iba’t ibang aktibidad na inihandog ng ISSF.

Ang ISSF ay inorganisa ng mga miyembro ng International Science Schools Network. Ang PSHS main campus ay naimbitahang sumali at irepresenta ang bansa at ang “local science” sa mundo.

sundan sa pahina 2

## Mga Nilalaman

STARBOOKS napipisil na research tool sa mga Pinoy school abroad ..... p3

Tulongan ang mga kapos-palad sa pamamagitan ng mga makabuluhang pananaliksik ..... p4

LarawaNews..... p4

## STARBOOKS, katulong sa pagpapahusay ng mga SUC

Ni Joy M. Lazcano  
S&T Media Service, DOST-STII



Ibinahagi ni University of Rizal System main campus head librarian Dr. Elvira C. Prieto na malaki ang kontribusyon ng STARBOOKS sa mga state university upang mapalaki ang bilang ng mga aklat nito lalo na sa larangan ng science, agriculture, at engineering. (Kuha ni Joy M. Lazcano, S&T Media Service, DOST-STII)

**T**anay, Rizal – Malaki ang pasasalamat ng University of Rizal System (URS) sa Science and Technology Academic Research-Based Openly Operated Kiosks o STARBOOKS- ang kauna-unahang digital library- sa kontribusyon nito upang ang main campus nito ay masertipikahan at ma-accredit ng Accrediting Agency of Chartered Colleges and Universities in the Philippines (AACUP) para sa mga undergraduate at graduate program nito.

Ang akreditasyon ay ipinagkaloob sa URS matapos nitong maipasa ang ebalwasyon base sa mga sumusunod na batayan: administrasyon, personnel, koleksyon ng mga aklat at mga babasahin, library service, pasilidad, tulong pinansyal, at linkage sa iba’t ibang institusyon.

Ang akreditasyon ay magsisilbing pagkilala sa mataas na antas ng kahusayan para sa isang akademya.

Ayon sa URS, malaki ang kontribusyon ng STARBOOKS sa pagdami ng library holdings ng nasabing unibersidad lalo na sa agrikultura, science at engineering.

Masasabi na ang bilang ng mga aklat sa isang silid-aklatan ay isang basehan para sa akreditasyon.

Ayon kay URS head librarian Dr. Elvira C. Prieto, ang unibersidad ay mayroon lamang budget na P350,000 kada semestre para sa mga bagong aklat. Ang main campus ng URS ay mayroong higit sa 2,000 mag-aaral na nangangahulugang kulang-kulang sa P500

sundan sa pahina 2

lamang ang nakalaan para sa bawat estudyante para sa aklat.

Subalit, dahil sa pakikipagtulungan ng Department of Science and Technology- Science and Technology Information Institute — ang ahensiyang nagdebelop ng STARBOOKS— dumami ang koleksyon ng mga aklat at natamo ang nasabing akreditasyon.

“Agriculture is our flagship program here in the main campus,” pahayag ni Dr. Fe D. Batoon, director ng URS-Tanay Campus. “And because of STARBOOKS and our accreditation, our enrollees have increased significantly compared with previous years.”

Mahigit 10,000 ng iba’t ibang uri ng aklat para sa science and technology ang nilalaman ng STARBOOKS. Ito ay tinatawag na library in a box sapagkat ito ay nakalagak sa isang stand-alone pod at hindi nangangailangan ng Internet connection upang ma-access ang mga nilalaman nito.

Ayon kay Lloyd Frederick Mandapat, science research specialist ng DOST-STII, “STARBOOKS is a stand-alone digital library. You can access all its data by going on-site, search the topics you want, and print it.”

Ang kauna-unahang offline digital library ay naglalaman na rin ngayon ng K-12 interactive

courseware sa Math at Science na mula naman sa Science Education Institute ng DOST.

Ito ay naglalaman din ng mga Science, Math at livelihood video na tinatawag na “Tamang DOSTkarte” na nagbibigay-impormasyon hinggil sa mga maaaring pagkakitaan.

Maliban dito, ang STARBOOKS ay maaari na ring maaccess ng smartphone sa pamamagitan ng network access mula sa computer server ng silid-aklatan. Ang mga nagnanais magresearch ay hindi na kailangang pumila sa pod. Kailangan lamang gamitin ang kanilang smartphone na maaabot ng network signal.

“Users do not need to wait for their turn to access STARBOOKS content,” paliwanag ni Mandapat. “They just need to connect with the network and login.”

### Pakinabang sa mga mag-aaral

Dahil sa mahinang signal ng Internet sa Tanay, Rizal, maraming mag-aaral ng URS ang mas pinipiling gamitin ang STARBOOKS para sa kanilang mga research.

Ayon sa kanila, masmadali nang kumuha ng datos at mga impormasyon gamit ang STARBOOKS.

Ani Dhen Frances Zorilla, third year student ng Human Resource Development, “Kadalasan ko pong sinasaliksik ang mga impormasyon tungkol sa siyensya at teknolohiya para sa aming thesis.”

“Mas madaling gamitin ito kaysa sa libro dahil hindi mo na kailangang magbuklat ng maraming libro upang makuha mo ang impormasyon at datos na kailangan mo,” ayon naman kay Inah Jenine P. Alcance na isang estudyante sa BS Financial Management.

Maliban dito, masmahusay na magsaliksik ng mga datos at impormasyon sa STARBOOKS kaysa sa Internet sapagkat nakasisiguro ang lahat na ang nilalaman nito ay galing sa mapagkakatiwalaang publikasyon.

“Most of our contents came from DOST’s library collections,” paliwanag ni Nelly B. Agpawa, librarian ng DOST-STII. “That is why users are assured that they are getting the right information and data.”

Sa kasalukuyan, ang URS main campus ay mayroong 10,890 koleksyon ng mga aklat. At dahil maganda ang naging pagtanggap sa STARBOOKS, nagdagdag ang URS ng tatlo pang yunit para sa main campus nito at in-upgrade naman ang pitong kasalukuyang yunit na ipinamahagi sa 10 campus nito sa Rizal.

Ang STARBOOKS ay bahagi rin ng naging extension service ng URS para sa mga katutubong komunidad ng Dumagat. Sila ay natuto sa mga ipinakitang livelihood video na nilalaman ng STARBOOKS.

### Pisay ...

#### Mula sa pahina 1

Kabilang sa mga nasabing kaganapan ay ang holography at optics workshop- kung saan ang mga kalahok ay nakagawa ng sariling hologram. Sila ay nabigyan din ng pagkakataong lumikha mula sa fiber optic at bisitahin ang dalawang kompanya sa industriya ng aerospace, ang Thales at Airbus. Nasaksihan ng mga kalahok ang pasikut-sikot sa nasabing industriya kabilang na ang business process at ang pagdidisenyo ng mga eroplano.

Sa pagtatapos, ang mga kalahok ay nagsama-sama sa isang “Alice in Wonderland” na tema ng isang tea party na nagpapatunay na masaya ang mundo ng agham at teknolohiya.

Ang ISSF ay pagsasama ng mga guro at estudyante mula sa mga science high school ng mga bansang Asya, Afrika, Europa, Australia, at America upang ibahagi ang kanilang kaalaman at ipagdiwang ang mundo ng siyensya.



Natanggap ni Marla Abao, ng Philippine Science High School, main campus ang karangalan bilang Best Oral Presentation award para sa kanyang research paper na pinamagatang “An Android Application for Efficient Disaster Kit Procurement for Low-Level Floods” sa ginanap na International Student Science Fair 2016 sa Singapore.

### ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO

Copy Editor

JAMES B. INTIA

Layout

MA. JUDITH L. SABLAN

Proofreader

Ferdinand D. Cartas

Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST). Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

## STARBOOKS napipisil na research tool sa mga Pinoy school abroad

Ni Joy M. Lazcano  
S&T Media Service, DOST-STII

**L**umalawak ang mga oportunidad para sa Science and Technology Academic Research-Based Openly Operated Kiosks o STARBOOKS sapagkat ito ay ang napipisil ng Philippine Schools Overseas (PSO) bilang pangunahing research tool sa science and technology.

Ito ay inihayag kamakailan sa ika-14th Conference of Philippine Schools Overseas na ginanap sa Diamond Hotel, Lungsod ng Maynila.

Binigyang-diin ni Commission of Filipino Overseas (CFO) executive director Mary Grace A. Tirona na malaki ang pangangailangan upang mapabilang sa K-12 program ng pamahalaan ang mga anak ng mga Filipinong nasa ibayong- dagat sakaling makabalik ang mga ito sa bansa.

Tinukoy ng samahan ang STARBOOKS bilang isang mabisang kagamitan upang pagkunan ng mga mahahalagang impormasyon at datos hinggil sa science and technology sa bansa.

“There are also children of scientists and engineers abroad who are studying in PSOs,” wika ni Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute Director Richard P. Burgos. “Thus PSOs are also natural breeding ground for future scientists and engineers. It will be beneficial to these kids if they are already exposed to Filipino content through STARBOOKS in Filipino schools overseas.”

Layunin ng mga PSO na maituro at mapalaganap ang kulturang Filipino sa mga kabataang isinilang sa ibang bansa upang ito ay mapanatili sa darating pang taon.

Ayon pa kay dir. Burgos, “we want to disseminate as wide as possible our collection for us, science and technology information must be shared and disseminated. It’s useless if such information will remain in our library. So what we have done is to digitize our collection and now we are able to share the entire collection to the public.”

Sa kasalukuyan, ang STARBOOKS ay nakatalaga na sa 877 na lugar sa iba’t ibang bahagi ng bansa. Ito ay naglalayong



Si Director Richard P. Burgos (kanan) ng DOST-STII at Executive Director Mary Grace A. Tirona (kaliwa) ng Commission on Filipino Overseas sa 14th Conference in Philippine Schools Overseas. Ang STARBOOKS ay ang napipisil na maging pangunahing research tool para sa mga science and technology information sa mga paaralang Filipino sa ibayong dagat. **(Kuha ni Gerardo de Jesus, S&T Media Service, DOST-STII)**

maipamahagi ang mga S&T impormasyon sa publiko at maging sa mga nasa liblib na lugar sa bansa na walang silid-aklatan at Internet connection.

Samantala, ang STARBOOKS at PSO ay mayroong magkahaling-tulad na ginagampanang tungkulin. Ang dalawa ay nagnanais na mapaunlad ang edukasyon at teknolohiya sa bansa.

Ipinagmalaki ni dir. Burgos na ang mahigit 10,000 nilalaman ng STARBOOKS ay nagmula sa mga koleksyon ng DOST-STII library na kinabibilangan din ng mga interactive video, livelihood video, research, theses, dissertation, balita, at mga babasahin.

Kanya ring ibinahagi ang kahalagahan ng pagbibigay ng tamang impormasyon hinggil sa mga kalamidad.

“We need to prepare our people for disasters,” pambungad ni Burgos. “DOST is at the forefront of understanding natural phenomenon brought about by the weather

that may impact the safety and security of our people.”

Kabilang sa mga lumahok sa nasabing pagpupulong ay ang iba’t ibang kompanya sa larangan ng publishing, national government agencies, at mga kinatawan ng Filipino schools overseas gaya ng sa Hongkong, China, at Middle East.

Si Directress Gracia Celia Guieb Nickel ng International Philippine School of Shanghai sa bansang Tsina ay nagpahayag din ng interest sa STARBOOKS.

“By July,” wika ni Nickel. “We’ll send one of our teachers to bring you our computer to get the software (STARBOOKS) installed.”

Ang STARBOOKS ay ginawaran ng iba’t ibang pagkilala sa lokal at maging sa bansang Amerika bilang innovative library project ng American Library Association (ALA) noong 2015. Ang ALA ay ang pinakamatanda at prestihiyosong library association sa US.

# Tulongan ang mga kapos-palad sa pamamagitan ng mga makabuluhang pananaliksik

Ni Joy M. Lazcano  
S&T Media Service, DOST-STII

**H**inimok ni Department of Science and Technology (DOST) Region VII director Edilberto Paradela ang mga siyentista sa Visayas na magsagawa ng mga pananaliksik na magsusulong ng “inclusive development” para sa mga kinasasakupan nito.

Ipinahayag ni Dir. Paradela ito sa harap ng mga kalahok ng scientist conference sa University of San Jose Recoletos (USJR) Auditorium. Aniya, ito ay ayon sa obligasyon ng mga siyentista na maiangat ang kondisyon ng mga komunidad lalo na sa mga hindi naaabot ng mga programa ng pamahalaan.

Binigyang-diin din ni Paradela na habang umaangat ang ekonomiya ng bansa ay hindi naman ito nararamdaman ng mga karaniwang mamamayan. Kaya naman mariin siyang nakiusap sa mga kalahok ng Annual Scientific Conference na inorganisa kamakailan ng DOST-National Research Council of the Philippines Visayas regional cluster na mayroong 4,000 miyembro sa iba’t ibang bahagi ng bansa.

“In spite of the country’s economic feat, a considerable segment of the population is unable to enjoy the fruits

of economic gains,” pahayag ni Paradela. “Apparently, the bulk of the country’s new wealth created by economic boom has failed to trickle down to the grassroots level of society, thereby creating a much wider divide between the rich and the poor.”

Dagdag pa niya, ang mamamayan ay nangangailangan ng tamang hakbang upang maibsan ang kahirapan sa bansa.

“The disparity in the distribution of the nation’s wealth necessitates urgent appropriate action on those who have the abilities to bring social justice to the impoverished sectors of our society.”

Sa kanyang paghamon, binigyang-diin ni Paradela ang pangangailangang suportahan ng scientific community ang pamahalaan sa pamamagitan ng mga makabuluhang pananaliksik na resolba sa mga problema ng bansa. Kanya ring idineklara na obligasyon ng mga nakaalam na gamitin ito upang mapagbuti ang buhay ng mga kapos-palad.

“It is the social and moral duty of those who have the gift of science to commit their intellectual gifts to the betterment of the world, and most



Si DOST Region VII director Edilberto Paradela.

especially of those who have less in life.”

“With your crucial participation, we in the government would be able to work more effectively in achieving our common goals of uplifting the lives of the grass root communities,” pagtatapos ni Paradela.

## LarawaNEWS



Tinanggap ni Dr. Maria Inez Angela Z. Ponce de Leon (kanan) ang certificate of appreciation mula kay National Scientist Angel C. Alcala (kaliwa) bilang isa sa tampok na resource speaker ng nakaraang “Policy Forum on Multidisciplinary Approach to Community-Based Conservation and Management Program,” na isinagawa sa Hotel Jen, Roxas Blvd, Lungsod Pasay. Kasama rin sa larawan si Academician Rhodora V. Azanza, Chair ng Biological Sciences Division, DOST-NAST. **(Larawan mula sa DOST-NAST, S&T Media Service)**